HandWallet PC para sa Windows

Gabay sa pag-download, pag-install at unang pagbukas

Bersyon 7.87 · Oktubre 2026 · www.handwallet.com

Ano ang HandWallet PC para sa Windows?

Ang HandWallet ay isang app para sa pamamahala ng mga gastusin at kita. Pinapatakbo ng bersyon para sa PC ang HandWallet app sa isang window sa iyong computer, na may parehong mga screen tulad ng sa telepono.

Simple ang pag-install: mag-download ng **isang file**, patakbuhin ito, at sundin ang maikling installation wizard. Ang wizard na mismo ang magda-download at magse-set up ng lahat ng iba pa.

Suportado ba ang aking computer?

Kailangan ng HandWallet PC ang mga sumusunod. Hindi sigurado? Patakbuhin lang ang installer: ito mismo ang susuri sa iyong computer, at kung may kulang, sasabihin nito kung ano mismo.

Kinakailangan	Mga detalye
Windows 10 o Windows 11, 64-bit	Computer na may Intel o AMD na processor. Hindi suportado ang mga computer na may ARM na processor.
Hardware virtualization	Intel VT-x o AMD-V, naka-on sa mga setting ng BIOS/UEFI (tingnan sa ibaba). Mayroon nito ang karamihan ng mga computer mula sa nakaraang sampung taon.
Memorya	Hindi bababa sa 4 GB ng RAM, inirerekomenda ang 8 GB. Isara ang mabibigat na program (browser na maraming tab, mga laro) bago magsimula.
Espasyo sa disk	Hindi bababa sa 4 GB na bakante. Lumalaki ang iyong data sa paglipas ng panahon.
Koneksyon sa internet	Habang nag-i-install, dina-download ng installer ang mga pangunahing bahagi (mga 1.35 GB).

Ano ang virtualization at bakit ito kailangan?


Pinapatakbo ng HandWallet PC ang HandWallet app sa loob ng isang **virtual machine**: isang maliit na kunwaring computer na tumatakbo sa loob ng iyong computer, nakahiwalay dito. Para bumilis ang virtual machine, kailangan ng processor ang feature na tinatawag na **virtualization** (VT-x sa Intel, AMD-V sa AMD). Halos lahat ng computer sa nakaraang dekada ay mayroon nito, pero minsan ay naka-off ito sa BIOS settings.

Paano ito i-on: i-restart ang computer at pumasok sa BIOS/UEFI setup (karaniwang pinipindot ang F2, F10, Del o Esc pagkabukas ng computer). Hanapin ang "Intel Virtualization Technology (VT-x)" o "SVM Mode (AMD-V)", i-on ito, saka i-save at lumabas.


Ang installer din mismo ang nag-o-on sa feature ng Windows na gumagamit ng virtualization (**Windows Hypervisor Platform**). Kapag ginawa nito iyon, kailangang i-restart ang Windows bago ang unang pagbukas.

Hakbang 1: I-download ang installer

1. Sa iyong browser, buksan ang **www.handwallet.com/pangasiwaan-ang-mga-gastusin/Windows.asp**
2. I-click ang **I-DOWNLOAD NA NGAYON**. Ang file na `HandWallet_PC_Setup.exe` (mga 60 MB) ay nase-save sa iyong folder na **Downloads**.



Larawan 1: Ang pahina ng download (sa Microsoft Edge). Sa ilalim ng button: ang bersyon, petsa, pangalan ng file at laki.




Larawan 2: Tapos na ang download. I-click ang "Open file" para patakbuhin ang installer.

Hakbang 2: Patakbuhin ang installer

1. I-click ang **Open file** sa browser, o i-double-click ang file sa folder na **Downloads**.

2. Itatanong ng Windows: "Do you want to allow this app to make changes to your device?". Tiyaking ang publisher ay **Media Vision Computer Technologies LTD.** at i-click ang **Yes**.




Larawan 3: Ang window ng kumpirmasyon ng Windows. Ang installer ay pinirmahan ng Media Vision Computer Technologies LTD.


> Sa ilang computer, nagpapakita muna ang Windows ng asul na window: "Windows protected your PC". I-click ang **More info**, tiyaking ang publisher ay Media Vision Computer Technologies LTD., at i-click ang **Run anyway**.

Hakbang 3: Ang installation wizard


1. Wala pang Filipino ang installation wizard. Iwanan ang **English** (o pumili ng ibang wikang alam mo) at i-click ang **OK**. Sa ibaba, nasa Ingles ang mga pangalan ng button, gaya ng nasa screen.
2. Nakapuno na ang installation folder. I-click ang **Next**.
3. Iwanang naka-check ang **Create a desktop shortcut** at i-click ang **Next**.
4. I-click ang **Install**.



Larawan 4: Ang pagpili ng wika ng pag-install.




Larawan 5: Ang installation folder (kaliwa) at ang desktop shortcut (kanan).




Larawan 6: Isang buod bago ang pag-install. I-click ang Install.

Ngayon, dina-download ng installer ang mga pangunahing bahagi (mga 1.35 GB) at ini-install ang mga ito. Nangyayari ito **nang isang beses lang** at tumatagal ng ilang minuto, depende sa bilis ng iyong internet.



Larawan 7: Ang pag-download ng mga pangunahing bahagi (kaliwa) at ang pag-install ng mga ito (kanan).


Sa dulo, i-click ang **Finish**. Kung hilingin ng installer na i-restart ang computer, i-restart muna ito. Kung hindi, kusang magbubukas ang HandWallet PC.



Larawan 8: Tapos na ang pag-install. Kapag naka-check ang "Launch HandWallet PC", magbubukas ang app kapag na-click mo ang Finish.

Hakbang 4: Ang unang pagbukas

Habang nagbubukas ang HandWallet PC, ipinapakita ng isang loading window ang progreso at mga tip sa paggamit ng app. Mas matagal ang unang pagbukas kaysa sa mga susunod. Pinipili ng listahan sa sulok ang wika ng window na ito.



Larawan 9: Ang loading window ng unang pagbukas.


Pagkatapos, bubukas ang window ng HandWallet PC. Mula ngayon, buksan ang HandWallet PC mula sa shortcut na **HandWallet PC** sa desktop o mula sa **Start** menu.

Hakbang 5: Ang welcome wizard


Sa unang pagbukas ng app, tutulungan ka ng maikling wizard na i-set up ito: wika, bansa at pera.

Pagpili ng wika

1. Sa welcome screen, i-click ang button ng wika sa itaas (sa simula ay nakasulat ang **English US**).
2. Mag-scroll sa listahan at piliin ang **Filipino**. Agad lilipat sa Filipino ang app.
3. Gamitin ang mga arrow para tingnan ang mga introduction screen, o i-click ang **I-SKIP** para magpatuloy.




Larawan 10: Ang welcome screen (kaliwa) at ang listahan ng mga wika (kanan), kung saan pinili namin ang "Filipino".




Larawan 11: Pagkapili ng Filipino: nasa Filipino na ang mga introduction screen.

Pagpili ng bansa at pera

1. Sa **Piliin ang bansa**, piliin ang iyong bansa (sa simula ay maaaring ibang bansa ang nakalagay). Puwede kang mag-scroll o maghanap sa listahan.
2. Nagbabago ang pera kasama ng bansa (sa Pilipinas: piso). Puwede mo itong palitan sa **Piliin ang pera**.
3. I-click ang **Susunod**.



Larawan 12: Ang screen ng bansa at pera (kaliwa) at ang listahan ng mga bansa (kanan), kung saan pinili namin ang "Pilipinas".




Larawan 13: Pagkapili ng Pilipinas: piso ng Pilipinas (PHP) na ang pera.

Hakbang 6: Ang iyong unang galaw


Sa HandWallet, ang bawat paggalaw ng pera ay tinatawag na **galaw**: isang pagbili, isang binayarang bill, sweldo, utang at iba pa. Sa dulo ng wizard, makikita mo ang screen na "Galaw", wala pang laman, na nag-aanyayang itala ang iyong unang galaw.

1. I-click ang bilog na button na **+** sa sulok.
2. Piliin ang uri ng galaw: **Kita**, **Gastusin** o **Iba Pa**.
3. Sa ilalim ng **Ano?**, pumili ng kategorya at saka subcategory, halimbawa Pagkain → Mga prutas at mga gulay.
4. I-type ang halaga. Sa isang gastusin, may minus ang halaga.


5. Puwede kang magdagdag ng paglalarawan, palitan ang petsa at piliin kung paano nagbayad (cash, credit card, atbp.). Opsyonal ang lahat ng ito.
6. I-click ang **Tiyakin**.




Larawan 14: Ang screen na "Galaw" bago ang unang galaw (kaliwa). Pagka-click ng +, piliin ang uri ng galaw (kanan).



Larawan 15: Ang form na "Bagong Paggalaw" (kaliwa) at ang listahan ng mga kategorya (kanan), kung saan pinili namin ang "Pagkain".



Larawan 16: Ang mga subcategory (kaliwa), kung saan pinili namin ang "Mga prutas at mga gulay". Pagka-type ng halaga (kanan).



Larawan 17: Na-save ang unang galaw. Mula rito, puwede kang magtala ng iba pang galaw, tingnan ang iyong account statement, o pindutin ang "Analyst" para sa mga graph at ulat.

Pag-update sa bagong bersyon

I-download ang bagong installer mula sa parehong pahina at patakbuhin ito. Hahanapin ng installer ang kasalukuyang installation at itatanong kung gagawa ng malinis na pag-install. Para mapanatili ang iyong data, i-click ang **No**: ang software lang ang ia-update.


> Ang pag-click sa **Yes** ay magbubura ng lahat ng iyong data at setting. Hihilingin ng installer na kumpirmahin mo bago ito magbura ng anuman.

Pag-uninstall ng HandWallet PC


> **Bago mag-uninstall, i-back up ang iyong data.** Inaalis ng pag-uninstall ang HandWallet PC at ang lahat ng data nito. Ang mga backup na ginawa mo mula sa app ay naka-save sa folder na **Documents** at nananatili roon pagkatapos mag-uninstall.

1. Buksan ang **Settings**, at piliin ang **Apps** at pagkatapos ang **Installed apps**.
2. Sa search box, i-type ang **HandWallet**.
3. I-click ang **...** sa tabi ng HandWallet PC at piliin ang **Uninstall**. Kumpirmahin muli gamit ang **Uninstall**.
4. Itatanong ng Windows kung papayagan ang mga pagbabago sa iyong device. I-click ang **Yes**.


5. Sa "Are you sure you want to completely remove HandWallet PC and all of its components?", i-click ang **Yes**.



Larawan 18: Ang HandWallet PC sa listahan ng mga app: ang menu (kaliwa) at ang kumpirmasyon (kanan).



Larawan 19: Ang huling tanong bago mag-uninstall.




Larawan 20: Nag-a-uninstall (kaliwa), at ang mensahe sa dulo (kanan).

Inaalis ng pag-uninstall ang installation folder, ang mga shortcut sa desktop at sa Start menu, at ang mga setting na idinagdag ng HandWallet PC sa Windows.

Pag-troubleshoot

Ano ang nangyayari	Ano ang gagawin
Sinasabi ng installer: "HandWallet PC cannot run on this computer."	Walang hardware virtualization ang processor, o ang computer mismo ay isang virtual machine. Hindi gagana ang HandWallet PC sa computer na ito.

Ano ang nangyayari	Ano ang gagawin
Sinasabi ng installer: "Installation is complete, but hardware virtualization is turned off in this computer's BIOS/UEFI settings, so HandWallet PC cannot start yet."	I-on ang virtualization sa BIOS, gaya ng ipinaliwanag sa "Suportado ba ang aking computer?", at pagkatapos ay buksan ang HandWallet PC.
"Windows protected your PC" kapag pinapatakbo ang installer.	I-click ang **More info** at pagkatapos ang **Run anyway** (tingnan ang Hakbang 2).
Sinasabi ng installer: "Error: Cannot download the system file."	Suriin ang iyong koneksyon sa internet at patakbuhin muli ang installer.
Sa unang pagbukas: "Hindi nag-start ang system."	I-restart ang computer at buksan muli ang HandWallet PC. Pagkatapos mismo ng pag-install, madalas kailangang i-restart ang Windows para ma-on ang virtualization.
"Hindi nag-start ang system." kahit pagkatapos mag-restart.	I-click ang **Yes** para ipadala sa amin ang error log, at sumulat sa amin (tingnan sa ibaba).



Larawan 21: Ang mensahe ng error sa pagsisimula (kaliwa). Pagkatapos i-click ang Yes, ipapadala sa amin ang log (kanan).

Kailangan ng tulong?

Sumulat sa amin sa **support@handwallet.com** at ilarawan ang nangyari. Kung may lumabas na mensahe, maglakip ng screenshot nito.